

# PINOY MLM EXPOSÉ

An Eye Opener Manuscript for Pinoy Networkers



By Eduard Reformina

© Copyright 2012, All Rights Reserved

# Congratulations!

Because you now have a **free resell** and **give away** rights for this ebook

**Ibig sabihin, pwede mong ipamigay ang eBook na 'to kahit kanino.** Sa mga kaibigan mo, Business Partners, Downlines, Crosslines, Uplines, etc... Or you can simply give them the link below so they can download their own copy of this manuscript. Simply give them this link URL..

[www.PinoyMLMExpose.com](http://www.PinoyMLMExpose.com)

**Bibigyan din kita ng permission para ibenta ang eBook na 'to,** and you can keep 100% of the profit, **This book can be sold for P597.** Or you can just give this away as a Free Report in your website or blog.

You can do all of that but here are some **restrictions...You are Not allowed to** Edit, Modify, Copy or Alter any of the content from this Ebook.

## What Others Are Saying

### **Every Networker Should Read This.**

*"Mula umpisa hanggang huli babasahin mo talaga. Madaling intindihin. The book is worth reading. Kudos to Coach Ed for writing this book. Mamumulat ka talaga on how to do MLM the right way. Im starting to apply the strategies and im getting great results. Every networker should read this. I-angat natin ang reputasyon ng Networking sa Pilipinas."*

Junard Matudan  
Network Marketer

### **It's Truly an EYE OPENER For Networkers.**

*"Napakaganda ng ebook na ginawa mo. It's truly an EYE OPENER for networkers. I highly recommend your ebook sa mga Networkers na BALIW na BALIW Pero NALILIGAW Pa! If you're wondering bakit wala pa rin nagjoin sayo kahit hataw ka naman, read eduard's ebook and you will finally LEARN why. Kaya Guys, tumigil muna kayo sa pag-tag ng mga company & product pictures niyo sa mga facebook friends niyo. Basahin niyo muna lahat ng nakasulat sa ebook ni eduard, then you will learn how to do Network Marketing the right way! Great Job Eduard. Keep Up The Good Work"...*

JP Veneracion  
Internet Network Marketer

### **Very Direct to the Point, A Must-Read For All Networkers**

*"Very direct to the point, A must-read for all networkers out there who are willing to give it all on their networking business. Doing it the right way is the way to go, Thanks Eduard!"*

Wil Veridiano  
Network Marketer and Blogger

*"For something na pumupuna sa Philippine Network Marketing industry, this book is "easy to swallow." Kung бага marerealize mo na some things are just not working right with the way most of us are doing Network Marketing. You might feel guilty for doing those things, but you'll realize na pwede palang mag Networking ng may respeto at konsiderasyon sa sarili at sa mga prospects."*

Diane Vendicio  
Network Marketer and Blogger

# Table of Contents

|                                                                             |           |
|-----------------------------------------------------------------------------|-----------|
| <b>Intro.....</b>                                                           | <b>4</b>  |
| <b>Chapter 1: The Start (A Common Experience Of Pinoy Networkers) .....</b> | <b>7</b>  |
| <b>Chapter 2: The EXPOSÉ.....</b>                                           | <b>13</b> |
| EXPOSÉ # 1: Hindi Lahat Ng Tao Ay Prospect.....                             | 13        |
| EXPOSÉ # 2: Hindi Lang Malaking WHY Ang Kaylangan Mo.....                   | 17        |
| EXPOSÉ # 3: Ineffective MLM Prospecting Methods .....                       | 20        |
| EXPOSÉ # 4: Mapanlinlang Na Istorya .....                                   | 25        |
| EXPOSÉ # 5: Mga Recruiting Gimmicks .....                                   | 28        |
| EXPOSÉ # 6: Hindi Lahat Ay Kayang Mag-Networking .....                      | 31        |
| <b>Chapter 3: The How (Think Outside The Box) .....</b>                     | <b>32</b> |
| Target Market .....                                                         | 32        |
| Leverage The Power Of The Internet .....                                    | 34        |
| Mind Your REAL Business .....                                               | 36        |
| An Intro To Attraction Marketing .....                                      | 37        |
| <b>Chapter 5: The Light (The Importance Of Having A Mentor) .....</b>       | <b>41</b> |
| <b>Chapter 6: The Secret .....</b>                                          | <b>45</b> |

Kamusta kaibigan?

Kahit na baguhan ka palang or matagal na sa Network Marketing industry, kung pakiramdam mo ay parang nahihirapan ka sa business mo, kung pakiramdam mo ay nauubusan ka na ng mga prospects at taong kakausapin para alukin ng iyong opportunity, at kung pakiramdam mo ay wala ka pa ring resulta kahit todo na ang kaka-hataw mo... This eBook is specially written to help **YOU**.

Marahil ay natagpuan mo at binabasa ngayon ang eBook na ito dahil naghahanap ka ng mga solusyon para maging successful sa networking business mo.

Maaari din naman na ikaw ay isang networker na hrap na hrap nang gawin ang pag ne-network dito sa Pilipinas at naghahanap ka ng mga bagong strategies para masolusyunan ang mga problema mo.

Good news for you dahil mamaya ay ishe-share ko sayo ang ilan sa mga effective na strategy at methods na ginagamit ko sa aking business, paramai-apply mo din ang mga 'to sa business mo.

Sa oras na matapos mong basahin ang eBook na 'to, you will also be exposed to some of the **truths**, **lies** and **misconceptions** in network marketing.

I believe na kapag nalaman mo ang mga ito, it will help you in making better decisions and taking proper action for your business.

There will be some people that will not agree with some of the things written in this manuscript, But I don't care. Because I'm not trying to please anyone here. My purpose in writting this ebook is to **open your eyes** to other options on how you can successfully build your Networking Business in a much more **enjoyable** and much **professional** way.

My intention is to share my knowledge with you and I sincerely hope that in this little way, it can help you create success with your business *if you apply them and take massive action.*

***"Know the Truth and the Truth will set you Free"***

# Chapter 1: The Start

(A Common Story Of Pinoy Networkers)

Wala namang tama o maling paraan ng pag-promote ng Networking business, pero minsan ba ay tinanong mo ang sarili mo kung...

## **Meron Bang Mas Effective At Mas Madaling Paraan Para Gawin Ang Networking?**

Noong nagsisimula palang kasi ako sa network marketing, iyon ang tanong na sumagi sa isipan ko.

Nakakapagod kasi ang mga itinuro at ipinagawang paraan sakin ng mga uplines ko para gawin ang aking business, kagaya ng paulit-ulit na pag-iimbita ng kung sino sino sa opisina ng aking MLM company para malatagan ng company at product presentation namin.

Ang hindi ko lang maintindihan ay kung bakit kahit napakaganda naman nang pag present ng speaker (para sa akin) ng opportunity, ay paulit-ulit paring rejection ang nakukuha ko mula sa aking mga prospects.

Halos lahat na yata ng kamag anak at mga kaibigan ko ay naimbitahan ko na, pero lahat sila kundi NEGATIVE, yung iba walang perang pang pay in, at ang **karamihan ay hindi naman interesado**,

Minsan sasabihan ka pa na "*Balikan mo na lang ako pag may resulta ka na*". Siguro nakakarelate ka. Masakit di ba?

Kung kagaya mo ko, malamang ay naranasan mo din ang mga 'yon.

Pero ako kasi yung tipo ng tao na hindi madaling mag give up (Sa tingin ko ganun ka din) dahil malaki ang reasons ko o yung tinatawag na "WHY" kung bakit gusto kong maging successful sa ganitong klaseng negosyo. Isa na duon ay malapit na kasi akong maging tatay ng mga panahong yun.

Ang sabi ko sa sarili ko "*Kung ayaw ng mga kakilala ko, mas marami yung hindi ko kakilala*." Tama! Mga hindi ko kakilala ang i-imbitahin ko. Kumpyansa ako na kapag marami akong tao na

mapapakitaan ng aking opportunity, ay siguradong madaming magkaka-interes sa opportunity ko kagaya ng pagkainteres ko. Aatend muna ko ng mga trainings para ma motivate ako lalo.

Pagkatapos ko umattended ng maraming company trainings, sobrang confident nako dahil sa mga bagong tactics na natutunan ko para ipromote ang aking negosyo mula sa aking mga uplines. Inaply ko kagad lahat ng mga yun.

## HATAW NA...

### Tagging ng Pics sa Facebook..



Gumawa ako ng isang album na punong puno ng mga pictures ng products at opportunity ko, at pinag *tata-tag* ko lahat ng friends ko sa facebook. Sinunod ko maige ang turo ni Upline.

Akala ko Ok na, pero karamihan sa mga na-tag ko ang ginagawa lang nila ay "Remove Picture and Untag."

Hindi sila interesado. Yung iba pa nag send sakín ng personal message na wag ko na daw silang i-tag ulit dahil nahihirapan daw sila mag untag at madami na din daw ang nag **spam** sa kanila na kagaya ko.

May mga nagalit din sakín dahil sa strategy na to at tinanggal nila ko sa friends list nila. :o( Mukang ok na strategy to kung gusto mong madaming maasar sayo.

Palpak!

**Direct Message o PM** sa mga facebook friends na may headline na **"Join The Best Part Time Opportunity. 20-30k a month, Best Comp Plan, Best Company, etc.. etc..."** Ngunit ang palagi nilang sagot ay...

*Scam nanaman yan?*

**Networking? Ayaw ko nyan!**

*Pyramiding yan dba?*

**Wala akong Time eh. Busy ako!**

*Hindi ko Linya yan...*

**Kumita ka na ba jan? (Madalas to)**

*At kung ano-ano pa...*

Pero hindi talaga ako susuko, mataas talaga ang mga pangrap ko! **POWER!** Kaylangan kong umattend ulit ng training para mabigyan ako ng sapat na motivation ni Upline. **POWER GRABE!**

**Hataw ulit...**

**Namigay sa lansangan at malls ng sangkatutak na Flyers na may nakasulat na... "Part Time, 2-3 Hours per Day, 5k a Week 20K a Month"**



Nung una mejo nag-dalawang isip pa ko kung mamigay ba ko ng flyers sa kalsada, **parang hindi ko yata kayang sikmurain.** Pero kahit na mejo nakakahiya, Ok lang payaman naman eh. Kahit na mainitan Ok lang din. Kahit yung iba hindi naman binabasa ang Flyers ko at karamihan tinatapon pa.

Ok lang yun, Payaman dito eh! (Yun ang sabi nila diba). Oo madami akong nainvite at nadala sa Opportunity Meeting pero lahat sila halos parehas lang ang sinasabi...

**"Maganda yung opportunity mo pero Trabaho ang Hanap Ko eh".**

Hindi sila interesado mag negosyo. Akala nila Job Opportunity ang inooffer ko. Tsk tsk tsk! Palpak nanaman. Hindi ako papayag! Kung kaya ng iba, kaya ko din! Marami pang paraan.

## Kidnapping o Pamumusakal.

Eto yung Pag kausap at pag alok ng negosyo sa kahit na sino na lang. Lahat ay prospect sa paningin ko. Makatabi sa Bus, Makasabay sa Elevator tapos papakitaan pa namin ng checke para maingganyo silang sumali. Baliwan na!

Maraming araw, lingo at buwan ang lumipas. Kung ano ano pang mga strategies, tactics at gimmicks ang ginawa ko pero wala namang resultang naibigay sakin kundi pagod, puyat at gastos. Nahirapan talaga ako sa MLM business ko.

Ang tanong ko sa sarili ko ay... Ganto ba talaga kahirap mag networking.

## Aaminin Ko Sayo

Muntikan na kong mag-quit! Kwentuhan muna kita saglit ng tungkol sa'kin kung ok lang sa'yo.

Bago ako nag simula sa MLM ay isa akong Musician.



Sa pagiging Musikero, kaylangan muna naming aralin at praktisin ang isang kanta o pyesa bago namin ito tugtugin sa stage.

Kapag may kanta akong pinapractice ng paulilit-ulit subalit hindi ko padin Ito matugtog ng maayos o ng tama, ang ibig lang sabihin nito ay may MALI sa aking ginagawa. Kapag narealize ko na may mali, I simply change my approach and look for a **much better way** or technique para matugtog ang kantang yun.

Eto ang mindset na meron ako. Siguro etong mind set na to ang naging dahilan kung kaya narealize ko kaagad na may mali sa strategy na ginagawa ko sa aking negosyo.

Dahil nga hindi effective ang mga naituro sakin ng mga uplines ko, nag decide ako na maghanap ng mga **much better approach** para gawin ang aking network marketing business. Nagsimula akong mag research at mag hanap ng mga kasagutan sa aking mga problema sa **INTERNET**.

Gusto kong maunawaan kung bakit ako nagfa-fail at kung bakit panay rejection ang napapala ko kahit na **sinunod ko namang maige ang lahat ng mga itinuro sa akin ng mga Uplines ko**. Kailangan kong malaman ang dahilan kung bakit hindi ko makita ang resultang hinahanap ko kahit na anong pag-hataw pa ang gawin ko.

Nagsimula akong magbasa ng mga articles, bumili at magbasa ng mga ebooks, Online Courses and started digesting all the information that I can gather. I even invested some money para matuto ako kahit talagang kapos na sa budget.

Nag hanap din ako ng mga tao na pwede magturo sakin. I think isa to sa mga pinaka magandang ginawa ko. I started meeting some Internet Network Marketers and MLM Mentors, Coaches and I started learning from them.

At dito ko na nasimulang maintindihan ang lahat..

Sa aking mga ginwang pagaaral, nalaman ko na madami din palang ibang networkers ang hrap na hrap sa kanilang negosyo. Pero sa lahat ng mga natuklasan ko, merong isa na gumising sa akin. Alam mo kung ano yun? Eto...

### **Halos Lahat Ng Itinuro Sa Akin Na Paraan Para Ipromote Ang Aking Networking Business Ay Walang Kwenta!!!**

Here's Why. Karamihan sa mga Networkers ay walang sapat na skills at strategies about Effective Sales and Marketing. Dahil karamihan ng mga networkers ay mga first time lang pumasok sa mundo ng business.

Sana hindi ka maoffend sa sinasabi ko because I'm just sharing with you the truth.

Ang madalas lang kasi na turo ng mga Uplines na paraan para gawin ang negosyo ay base lang sa pagkausap at pagalok sa mga kaibigan, kamag anak, kakilala at pag approach sa mga total strangers.

Lack of Proper Sales and Marketing Skills ang dahilan kung bakit **97% ng mga Networkers ang nag fail** sa kanilang business. Yes this is the **TRUTH!**



Ibig sabihin kung 1000 tayo na sabay sabay papasok sa isang Network Marketing opportunity ay 30 lang mula sa 1000 na yun ang magiging successful at yung remaining na 97% ang hindi kumikita at puros palabas ang pera dahil sa mga expenses nila gaya ng pamasahé, pang libre sa invite, pag conduct ng business presentation sa mga fast food, etc.

Alam ko, nakakalungkot at nakakabigla na malaman na napaka taas ng failure rate sa networking Industry. Pero wag kang mag alala, it's Not about the MLM industry itself. Hindi sinumpa ang 97% ng mga networkers, **Kaylangan mo lang magkaroon ng mga effective skills** and proper mindset.

Kung gusto mo nang matapos ang mga paghihirap mo sa yong MLM business, **Basahin** at **Intindiing** mong maige ang susunod na mga chapters, because I'm about to share with you some of the Misconceptions, Truths and Lies in the Philippine MLM industry, para mas lubos mong maintindihan kung bakit napakarami ang hindi nagiging successful sa ating industry.

**Are you Ready?**

## Chapter 2 : The EXPOSÉ

**Warning:** Some of The Information You'll read here may shatter your beliefs in Networking. My Intention here is for you to see the Good Things and the Not So Good things about the MLM Industry. Hopefully by knowing them, you can take proper decisions and better course of actions. With that, you can save a lot of time, money and efforts being wasted.

### EXPOSÉ # 1: Hindi Lahat Ng Tao Ay Prospect



Nakakagulat na hanggang ngayon ay itinuturo padin sa mga networkers na lahat ng tao ay prospect. Etong turo na ito ang nagbigay ng idea sa mga networkers na ang pagkausap sa kahit sino at sa lahat ng tao ay isang effective na recruiting strategy. Eto din ang nagtulak sa mga networkers para gumawa ng mga **nakaka-shock** at **unprofessional** prospecting methods.

#### Katulad ng mga...

Pagkausap sa lahat ng taong makikita at makakasalamuha. Mag present sa mga makakatabi sa Bus, sa FX, sa Jeep. Mag hunting ng mga prospects sa mga food court at sa mga parke. Mamigay ng flyers sa kalye. Magsinungaling para lang may mabitbit sa opportunity meeting (Kunwari kainan, job interview, job hiring, work at home, pasama style, kidnap style, etc.) Kausapin at alukin lahat pati mga tindero, tindera, sikyo, magtataho, estudyante, teacher, doctor, katulong, hardinero, etc. Kahit sino-sino na lang lahat-lahat talo talo na. Basta may buhay at humihinga tiyak ay prospect yun. **Numbers Game** sa madaling salita.

Etong mga prospecting practices na ito ang dahilan kung bakit napakaraming tao ang **bumababa ang tingin** at ayaw sa networking dahil tingin nila sa networking ay cheap and some kind of a joke. Etong mga **unprofesional prospecting practices** na to din ang mga dahilan kung bakit hirap kang makapag recruit dahil unti-unti nitong **nasisira at napapasama ang image ng networking** industry dito sa Pinas.

Eto ang mga importanteng bagay na kaylangan mong maintindihan kung bakit hindi mo kailangan na kausapin ang lahat ng tao. Kahit ano pang ganda ng Network Marketing at ng Opportunity mo...

- **May mga tao talaga na sadyang Negative** pag dating sa Networking, pwede mong sayangin ang oras mo para i-convince sila para maging positive sa Networking (This could really take a long time) o ilaan mo na lang ang oras mo para maghanap ng mas **qualified na prospect**.
- Normal sa Tao ang **hindi basta basta nagtitiwala** sa hindi nila kakilala lalo na pag may involve na perang ilalabas.
- Ayaw nila ng pagbabago sa buhay nila. Pag naging Networker ka kasi marami kang pagbabagong gagawin sa buhay mo. Pananaw, pananamit, pakikipag usap.. Etc. Etc. Kahit nga kaibigan mo or yung mga madadalas mong kasama ay magbabago. **Some people are just not willing to change.**
- Maraming tao ang kuntento na sa kung ano man ang pinagkakaabalahan nila.
- May mga taong **takot maging mayaman.**
- May mga taong naniniwala sa kasabihan na Money Is The Root Of All Evil.
- May mga taong marami na talagang pera at wala nang balak humanap ng bagong pagkakakitaan.
- May mga taong wala talagang perang pampuhunan.
- May mga taong ayaw ng kahit anong gawain na may involve na Capital o Puhunan. **Ayaw nila ng Risk.**
- May mga tao na hate na hate magbenta.
- May mga taong hindi talaga interesadong mag negosyo.
- May mga yaong kuntento na sa pagiiging Empleyado.
- May mga tao na kahit anong gawin mo ay **walang pakialam** at ang gusto lang gawin ay manuod ny teleserya at kung ano anong palabas sa TV.

Wag kang negative Eduard!

I'm not being negative kaibigan. This is simply **the truth** na pinagkait sayo. Hindi talaga lahat ng tao ay magugustuhan ang product or opportunity mo.

Hindi talaga lahat ay Prospect. Dahil ang network marketing ay **Sorting Business**.

Ang kaylangan mong matutunan ay kung paano mai-sort out ang mga taong hindi interesado, sa mga taong interesado sa kung ano man ang inooffer mo. Para ang kakausapin mo lang ay yung **mga taong nagpakita ng interest** sa kung ano mang meron ka.

Kaylangan nating iaapply ang ilang mga **proven business method** na ginagamit sa totoong business.

Ang magandang example...

Ay ang mga restaurants at fast food chains. May naalala ka bang pagkakataon na tinawagan ka ng isang restaurant manager o ng isang fast food crew para yayain ka o tanungin ka kung gusto mong kumain sa store nila? Wala naman diba?

Bakit kaya?

Dahil ang ganung paraan ay hindi effective at **hindi accepted na business practice**. Anong mararamdaman mo kung ginawa nila sayo yun? **Istorbo?**

Ang ginagawa ng lahat ng mga successful businesses is they **Market** and **Promote**. Para malaman ng mga tao kung ano ba ang inooffer nila, para magawa nila na ang mga taong interesado sa inooffer nila ang pupunta sa kanila. **They attract the business to them.**

At isipin mo, Kung kinakausap mo ang lahat ng mga tao, ibig sabihin ay lagi ka lang nagbabakasakali na sana ay may maging interesado, Binabatay mo ang negosyo mo sa BAKA SAKALI **"odds"**. Hindi ganito magisip ang mga tunay na Entrepreneurs. You should use effective strategies and take calculated risk. Do not base your business on odds.

At isa pa, bakit mo kailangan na kumausap ng mga taong negative at mga taong hindi interesado samantalang **milyon-milyong tao ang mga open minded na at gustong mag-networking at willing magkaroon ng mas magandang buhay?** *Kaylangan mo lang alamin kung paano at kung saan hahanapin tong mga **interested at qualified na prospects** na to.*

Dati akala ko din talaga ay prospect ang lahat ng tao pero di na ngayon. I sort people out. Kinakausap ko lang ang mga tao na interested at willing makinig sa kung anong inooffer ko. And trust me, mas magiging enjoyable ang business mo kapag hindi ka na makikipag usap at magcoconvince ng mga taong negative.

Sana ay mejo naliwanagan ka kung bakit di mo kaylangang magpakapagod para kausapin at iconvince lahat ng tao dahil kung gagawin mo padin na kausapin ang lahat...

**Marami Kang Sasayanging Oras at Effort na Sana ay Inilaan Mo Nalang sa Mga Mas Karapatdapat at Mga Interesadong Tao.**

Kaylangan mong magkaroon ng abundance mentality, dahil ang totoo, there is an unlimited number of prospects out there. Learn how to find them and learn how to tap them.

Just imagine kung anong mangyayari kung magagawa mo na maiposisyon ang sarili sa internet kung saan ikaw ang tatawagan or kokontakin ng mga taong interesado para mag start ng networking business. This is very possible and **you can do this**. Kaylangan mo lang malaman kung paano. *Pagusapan natin ang tungkol dito mamaya.*

## EXPOSÉ # 2: Hindi Lang Malaking "WHY" Ang Kaylangan Mo



Ang madalas na naririnig natin sa mga trainings is this. **"Kaylangan Mo Lang Ng Malaking Why and You Will Become Successful"**

Totoo ba ito? Kaya ka hindi successful or kaya hindi ka kumikita ay dahil maliit lang ang **WHY** mo? Hindi ba parang nakakainsulto? Hindi pa ba sapat yung mga past experience mo para maging Why mo at para ka maging successful. Kaylangan pa bang magpaka EMO ka para kumita?

Maraming Networkers ang pinaniwala na ang dahilan kung bakit di sila successful ay dahil hindi pa malaki ang motivation or why nila. Papayag ka ba na sasabihin sayo na ang dahilan lang kung kaya hindi ka padin successful kahit 1 Year, 3 Years or even 5 Years ka na sa Networking ay dahil hindi pa sapat ang Motivation mo or Hindi kasi malaki ang **WHY** mo?

Don't get me wrong dahil naniniwala ako na ang motivation mo ay napaka importanteng ingredient para sa success mo. Pero minsan kasi parang nagiging **palusot** nalang nang mga upline ang motivation or pag momotivate para mapagtakpan ang mga kakulangan nila sa kanilang mga itinuturo.

Pero dahil yun nga ang sabi nila sayo. Ang ginawa mo ngayon ay panay ang attend mo sa mga training para maboost ang energy mo at ma **hype** ka. Nakinig ka nang nakinig ng mga motivational audio, gumupit ka pa ng mga pictures ng mga goals mo at ng mga bagay na gusto mo at dinikit mo sa dingding. Malamang ay nagbayad ka din para makaattend ng mga motivational seminars.

Most networkers are failing not because they have a small why. They are failing because they are using **Ineffective Strategies** and most of them don't have **Effective Marketing Skills** and **Marketing SYSTEM** in place.

Here's one little secret I want to share with you. **Nobody can really motivate you!** Only You can Motivate You. Ang ginagawa lang ng mga speakers, audiobook at lahat ng mga binasa mo is they only INSPIRE you.

**True motivation** can come only from the inside and not from the outside.

I believe na tayong mga networkers ay motivated na or may Why na, kaya ka nga nasa networking diba? Kasi gusto mong may mangyaring pag babago sa buhay mo. Kaya mo nga binabasa ang libro na to dahil gusto mo talagang maging successful.

Iba iba tayo ng rason kung bakit natin gustong maging successful. Pwedeng gusto mong mabigyan ng magandang kinabukasan ang pamilya mo. Pwede din na dahil gusto mo nang makaahon sa pagkakabaon sa utang.

Pero eto ang tandaan mo...

**Kahit Ikaw Pa Ang Pinaka Motivated Na Networker, Kapag Di Effective Ang Paraan Na Ginagamit Mo, Mahihirapan Ka Pa Din.**

Pero bakit ba eto ang paulit ulit na madidinig mo sa karamihan ng mga Uplines (Kaylangan mo lang ng malaking Why) na lumalabas sa kanilang bibig kapag sila ay nilapitan mo at nagtanong ka kung ano bang kaylangan mong gawin?

Ganito kasi yan, **kung** ang isang Upline ay walang alam na maituturo sa downline nya na dapat nyang gawin para maging successful, NAPAKADALI lang sabihin na **"Hindi pa kasi Malaki ang Why mo"** para mapagtakpan nya ang kakulangan at wala nyang kaalaman.

Eto pa ang Malupet....

Kahit na paulit ulit kang mag fail, pwede ka pading sabihan na hindi pa malaki ang Why mo! Safe ang sagot na to. Kahit gaano pa ka motivated ang isang tao, pwede mo paring sabihin sa kanya na kulang pa ang kanyang WHY kaya hindi sya successful. Hindi naman kasi pwedeng masukat kung gaano kalaki ang motivation na kaylangan para maging successful.

Intindihin natin ang susunod na paghahalimbawa...

From Manila to Baguio is about 250 kilometers, let say ang **GOAL** mo ay makarating ng Baguio (Tha'ts Your Dreams) at ang gagamiting mong paraan para makapunta ka sa Baguio ay ang dalawa mong paa, sa madaling salita **MAGLALAKAD** ka lang (Your strategy to reach your Dreams).

Eh kailangan mo talaga ng malaki at matindi-tinding motivation para makapunta ka sa pangarap mo. Dahil hindi effective na way ng transportation ang paglalakad para makapunta sa ganoong kalayong lugar. Kaylangan talaga na palaging may magmomotivate sayo para magpatuloy ka lang sa paglalakad (Pag Hataw).

Sabihin natin na meron kang **KOTSE** na pwede mong magamit? (Effective Strategy) Mas magiging madali ba ang paglalakbay mo? Of course because an automobile is a much effective mode of transportation. Kahit hindi kita imotivate mas malaki ang chance na makakarating ka sa Goal mo.

Eto yun, If your GOAL is to become successful in MLM but you are using ineffective strategies, (Literal na naglalakad ka at namimigay ka lang ng flyers) the more time you're going to spend and the more effort you're going to exert to accomplish it.

It's your choice, still use the ineffective ways or learn effective ones. I hope it make sense. Hindi ko na kaylangang sabihin pa, You need to learn The HOW not just the Why.

Baka sapat na ang Why mo at ang kaylangan mo nalanng ay mag upgrade ng mga effective strategies para gawin ang Network Marketing Business mo.

Kung ready ka nang mag upgrade at matuto ng mga bago at effective na strategies. You can start by **Clicking [HERE](http://www.MLMPowerProspecting.com)**.

## EXPOSÉ # 3: Ineffective MLM Prospecting Methods



Pag usapan natin ngayon ang mga prospecting methods na itinuturo ng karamihan at kung bakit hindi na sila effective sa panahon natin ngayon para gamitin sa pag build ng business mo. Dahil kung hindi ka magpapalit ng mga strategies, baka ito pa ang mag sabotahe sa success mo.

- *Pamimigay ng Flyers*
- *Pamumusakal (Kidnapping)*
- *Pag Tag ng Pictures sa Facebook*

Kapag eto ang mga ginagawa mo, binibigyan mo kaagad ng idea or clue ang prospects mo kung **paano nya din gagawin** ang magiging negosyo nya. At yun ay mamimigay din sila ng Flyers sa kalye, at mamumusakal din sila at mangungumbinse ng mga taong hindi nila kilala.

Sa totoo lang, walang may gustong gumawa nang mga ganung bagay.

Naalala ko pa dati nung may nabigyan ako ng flyers at nayaya ko sa business opportunity meeting. Eto ang tinanong nya sakín pagkatapos ng BOM. "Mamimigay din ba ko ng Flyers?"... **FAIL**

Ang first impression kasi nila sa mga ganitong business strategy ay **cheap!**

At kapag cheap ang marketing strategy na ginagawa mo, ipinapakita lang nito na hindi ka professional sa ginagawa mong negosyo. Sinong magkakagustong makipag business partner sa ganon?

Gawin nating example ang mga doctors at dentists. May mga naalala ka bang lumapit sayong dentista at nagtanong ng "Hi Mam/Sir, baka may sirang ngipin po kayo jan, baka interesado po kayong magpabunot sakin, dentista po ako."

Wala naman diba? O kaya naman ay ganito...

"Sir baka gusto nyo pong magpacheck up sakin Doctor po ako, Tignan natin baka may cancer na kayo, mahirap na"

Wala din diba?

Hindi nila ginagawa ang mga yun dahil professional sila at hindi sila gagawa ng mga gawaing unprofessional.

Maghanap ka nang successful and professional networker na gumagawa nang mga ganun kung makakahanap ka. Wala din. Because they do their business professionally. Ang ginagawa ng mga professional networkers ay... they **mentor** people, they **coach** people. They know how to **network** at pinaka importante, they know how to **market**.

Isa pang reason kung bakit hindi effective ang pamimigay ng flyers at pusakalan ay dahil ang mga taong inapproach mo ay mga taong hindi nagtanong tungkol sa opportunity mo. Sa madaling salita ay hindi sila interesado. **Hindi sila qualified na prospects.**

### **In Marketing, Offering Something To Someone Who Didn't Show an Interest For What You are Offering Is A Huge Mistake.**

Hindi mo ba napansin na tinatapon lang nila ang flyers mo? Ito ay dahil wala silang desire magnegosyo at wala silang desire maging successful kagaya mo.

At pag katapos ang mangyayari dahil hindi sila interesado, you will end up forcing them your opportunity na parang salesman ng insurance. At ang pinaka mabilis na paraan para ireject ka ng prospect mo ay maging isang parang pushy salesman.

Ang kaylangan nating matutunan ay kung paano targetin ang mga taong naghahanap nang opportunity na kagaya na may roon ka. Yung mga tipo nang tao na open minded at willing maging successful kagaya mo. Ang tawag dito ay **Target Marketing**. *Paguusapan natin to mamaya.*

At isa pa, sa pamimigay ng flyers at pamumusakal, you are approaching people who don't **know**, **trust**, and **like** you. Sa madaling salita you are a Total Stranger sa paningin nila. Kahit pa interesado sila mag start ng business, what makes you think na basta basta lang nila iaabot ang pinag hirapan at pinag ipunan nilang pera sa taong ngayon lang nila makikilala.

Eto ang kaylangan mong matandaan. People only do business with the people they **Know**, **Like** and **TRUST**.

Ngayon kung nagtataka ka kung bakit hindi naman effective ang pag Tag sa Facebook, ito ay dahil Tagging ay parang online version lang ng pamimigay ng Flyers. You are still approaching people who didn't ask what you have. And incase you don't know, Tagging is also considered as **Spamming**.

That's why facebook is very strict now in tagging of pictures simply because it's annoying for people. Just imagine kung anong nararamdaman mo pag ikaw ang tinatag, diba Badtrip?

- *Pag gawa ng Prospect List*
- *Pag aalok sa mga kamag anak, kaibigan at kakilala*

Nakakalungkot isipin na marami paring tao ang naniniwala na ang tanging paraan para makapagbuild ng Multi Million Networking business ay ang kumausap ng mga kaibigan, kakilala at kamaganak..

Ang problema ay eto. Mahigit 60 years na ang Network Marketing Industry pero Ang madalas na itinuturo parin na mga pamamaraan sa mga networkers ay yung mga **luma at mga hindi na epektibong paraan**. Yung mga strategies na gamit pa nila nung 70's at 80's.

Now chasing friends, and relatives might work for you, kasi wala naman akong sinabing hindi eto magwowork. What I'm saying is it's not an effective way of doing a business in today's fast pace and **information age**. It might work for you specially IF you have a huge sphere of influence.

Kung anak ka ng isang maimpluwensyang tao, kung madami kang koneksyon, kung artista ka, etc. I know you get the point. Unfortunately most Networkers don't fall in this kind of situation.

Isa pa sa hindi sinasabi ng mga MLM superstar (pero eto sasabihin ko na dahil tingin ko nararapat mo 'tong malaman) ay kapag Traditional Way ang gagawin mo para palakihin ang network mo, kakaylanganin mo ng **Mahabang Pisi**.

Ibig sabihin kailangan mo nang malaking **pera pangalaw** at pang support sa mga business expenses mo. At hindi eto pa isa-isang daan. Maglalabas ka ng thousands sometimes hundreds of thousands of pesos bago mag take off ang network mo.

I know one top earner who admittedly told me that one reason kaya nag take off ang negosyo nya is because he invested hundreds of thousand in pesos nung nagsisimula syang palakihin ang network nya. Ginamit nya ang pera pang mobilize at pang support sa mga downline nya. That's good for him but unfortunately, hindi lahat ay kayang maglabas ng ganung kalaking halaga lalo na kung nagsisimula ka pa lang.

These are some reasons why Old School Strategy are not effective specially para sa mga nagsisimulang networker. Ang nakakabigla pa ay karamian sa mga Networking Companies/Upline trainers will not teach you to think outside the box. Kadalasan ay ididiscourage ka pa at sasabihan ka na mag **stick lang sa basics and don't reinvent the wheel**.

They will insist na ang tanging paraan ay yung tinuturo nila.

Invite, Present, Train...  
Invite, Present, Train...  
Invite, Present, Train...  
Invite, Present, Train...

Teka lang, kung eto lang ang tanging paraan at 97% ang nag fail? Ibig sabihin palaging may 97% na mag fail sa MLM? Ouch. Sigurado kang gusto mo paring gawin ang tinuturo nila. **I think It's time to reinvent the wheel! Big Time!**

***"If You Always Do What You've Always Done,  
You Will Also Get What You've Always Gotten"...Anonymous***

Pero kung loyalista ka talaga ng flyering at pamumusakal ay ok lang naman. That's your choice, all I can say is Good Luck! Gaya nga ng sabi ko wala namang tama o maling paraan para gawin ang MLM. Ang meron lang ay effective at hindi effective na paraan.

Kung nageenjoy ka mangulit ng mga kamag anak mo, or kung masaya kang kumausap ng mga tao sa kalye or nag eenjoy ka mamigay ng flyers. **Go On** do that.

Ang sabi nga nila, kanya kanyang trip lang yan. **Gawin mo ang negosyo mo sa paraan na nageenjoy ka.** Ngayon tatanungin kita, nag- eenjoy ka ba sa ginagawa mo ngayon?

Ang hindi natin maikakaila ay...

### **Ang Dahilan Kung Bakit Napakataas ng Failure Rate sa Network Marketing ay Dahil sa Kung Paano Ginagawa at Kung Paano Itinuturong Gawin ang Networking.**

At ang pinaka masaklap pa, maraming networker ang nagiging MLM Junkie na lang nang hindi nila namamalayan. Eto yung mga tipo ng networker na patalon talon ng kumpanya. Kapag hindi nag work out ang kasalukuyang business nila, talon nanaman ng ibang company.

Ang inaakala nilang may problem ay ang kanilang company, baka dahil sa products, sa management, or baka sa complan. Ngunit ang katotohanan ay hindi lang nila naunawaan na ang may problema ay sila mismo at ang paraan na ginagawa nila.

Hindi din nila naintindihan na ang kaylangan nilang gawin ay i-grow ang kanilang sarili by investing in themselves and by learning effective skills.

Don't get me wrong. Products and company are important pero kadalasan ay nasosobrahan ang emphasis sa mga yun.

Oo pwedeng **ikaw na** ang may greatest supplement or glutathione sa buong mundo pero kung di mo magagawang imarket ang produkto mo ng tama, hindi ka makakabenta.

### **It's Not What You Are Selling, It's HOW You Sell It.**

Ganun din sa opportunity, kahit napakaganda pa nang kitaan sa company mo pero maling tao ang mga inaapproach mo. Mahihirapan ka pa rin mag build ng team mo.

Pero kahit na di kagandahan ang products mo pero kung kaya mong i-market ito ng tama, you can succeed. The best syempre ay kung may good marketing strategy at magandang product/opportunity ka.


Biruin mo naman, 60+++ years na ang MLM pero ang mga tinuturo parin sa mga Networkers na paraan para gawin ang negosyo ay yung mga lumang strategy na ginagawa nila nuon pa.

Think of this very carefully, Lahat ng bagay sa paligid mo nag upgrade na. Ulti mo cellphone na dati pang text at pang tawag lang ngayon touch screen na, may camera, video, games at pwede ka pang mag internet. Tapos pag dating sa business na magpapayaman sayo at mag bibigay sayo ng time freedom ang gamit mo Flyers? Prospect List? Pamumusakal? Hello? :o)

Kung mga lumang strategies padin ang ginagamit mo nang **paulit-ulit**, pero **paulit-ulit** padin namang failure at rejections ang napapala mo, **baka kaylangan mo nang may gawing bago!** No, hindi pala baka. Kaylangan mo na talagang may gawing bago!

***"Insanity Is Doing The Same Thing Over And Over Again and Expecting Different Results"... Albert Einstein***

#### **EXPOSÉ # 4: Mapanlinlang Na Istorya**



Sa lahat ng ibubunyag ko sa iyo, eto ang pinaka kinaa-ayawan ko. Ang sarap bang pakinggan nang mga speaker sa Business Opportunity Meeting (BOM) na nagkukwento kung paano sila kabilis naging successful sa network marketing sa loob lang ng ilang buwan?

Simple lang daw ang kanilang ginawa. Nagkwento lang daw sila sa ibang tao ng tungkol sa kanilang napakagandang kumpanya at nagshare lang daw sya ng napakagandang Produkto.

*"Ay Grabe, Power Talaga dito! Ilang buwan lang nakalipat na ko sa Condo at nakabili ng magarang sasakyan sa pakwento kwento lang. Chika Chika lang tapos maya maya Cheke Cheke na!" (Sabay wagayway at pagpapakita ng mga cheke.)*

Here's the Truth. There's No such thing as a quick success in networking. Well their story might be true, they are able to achieve those results in a very short period of time. But unfortunately. **Most of these stories are just half of the story.**

Itong mga Superstars nato ay **nakalimutang sabihin** ang buong istorya. Nakalimutan nilang ikwento na kaya sobrang bilis nila na achieve ang ganung klaseng success ay dahil matagal na sila sa networking industry. Maaring 5 Years, 7 years or even More na silang networker at galing na sila sa ibang mga MLM companies bago sila naging successful.

Ibig sabihin nito ay marami na silang experience at marami na silang naipon na mga kinakaylangang mga skills para maging successful sa MLM.

At higit sa lahat marami na silang **connections** at contacts ng mga **tao na interesado** sa MLM gaya ng kanilang mga dating downline, crossline or uplines. Nakabuild na sila ng relationship at tiwala sa mga taong ito kaya nung nagkaroon sya ng bagong Company, madali na lang syang nakapag buo ng team at ng kanyang organization.

Or maaaring hindi nabanggit ng Superstar na galing sya sa isang kumpanya na nagsara at binitbit nya lang ang kanyang existing na grupo nung sya ay lumipat sa kanyang bagong kumpanya at ito ang dahilan kaya sobrang bilis ng pag laki ng kanyang team.

These things are very common in our industry and there's nothing wrong with that. The Problem is when you tell people only half of the story or **Half Truth** para lang mamotivate sila na mag join. It is **Very Unethical**.

Half Truth is a complete lie. Don't Lie to people. Let's Not Lie to our prospects.

Pero ano bang problema kung hindi nila sasabihin ang buong katotohanan or yung kompletong istorya? MALAKI! If you're prospect will not know the whole story, they will join because of **false hopes** and **false expectations**.

Why?

Because they made a clear picture in those prospects mind that **MLM is a piece of cake** and that everyone can do it very easily and earn big amounts in a short period of time.

They forgot to tell them the truth that network marketing requires hard work and dedication. People are told to believe that for them to succeed in this kind of business, all they need to do is invite 2 people that they know and walk away with their dream residual income. Big mistake! This is the biggest reasons why in MLM, the retention rate is very low.

Prospect joins with **False Hopes and False Expectation** and after they join, they will start to realize the truth that MLM is not easy at hindi kagaya sa sinabing kwento at explanation ng mga superstar speaker.

Dahil sa unethical practices nato ay maraming networker ang mabilis na nabu**Burnout** and after a couple of months sasabihin nila sa sarili nila na hindi para sa kanila ang networking pero ang totoo hindi lang sila nainform ng tama.

